Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad



Ang Haring si David (Pangalawang bahagi)

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Lazarus

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Si David ay naging hari ng Juda, sa timog ng Palestina. Ngunit ang ibang mga Israelites ay dinala nila si Isboseth, na anak ni Saul at tinaglay na kanilang hari. Nagkaroon ng digmaan na nagtagal ng pitong taon. Ngunit si David ay lumakas ng lumakas.

Sa wakas, si Haring Isboseth ay pinatay ng dalawa sa kanilang mga kawalan.

Sa ganon ang lahat ng tribo ng Israel ay pumunta kay David at pinahiran siya ng langis sa ulo ilang simbolo na siya na ang hari ng Israel. Sa wakas, si David ay hari na ng buong bansa.



Ang unang ginawa ni Haring David ay binihag niya ang buong Herusalem. Ang nangyari ay naging iyudand ni David. Inayos niya ang siyudad upang matibay laban sa mga kaaway. Mula sa Herusalem, ang mga kawal ni David ay ilinupig ang Pelisteo at ibang mga kalaban ng Israel.



Sunod niyang ginawa ay pinakuha ang Kaban ng Panginoon at dinala sa Herusalem. Ang Kaban ng Panginoon ay may laman, kopya ng sampong utos at iba pang mga batas na ibinigay kay Moises ng Panginoon. Ang kaban ay paalaala sa mga Israelistes ng kabanalan ng Panginoon at ang kailangan silang sumonud sa kanyang mga utos.



Si David ay nakipaglaban ng maraming digmaan nang unang mga taon ng kanyang paghahari. Siya ay matalinong kawal at isang taong mababang loob, at dumalangin siya sa patnubay ng Panginoon.

Naguluhan si David na siya ay nanirahan sa magandang bahay, habang ang kaban ng Panginoon ay nasa tolda. Si David ay nagpasiya na gumawa ng templo. Sinabi ni Nathan, ang propeta ng Diyos, na siya yumaon at gawain ang nasa kanyang puso.

Sa gabing iyon, nagpadala ng mensahe ang Panginoon kay David: "ang aking alagad na si David, ang Panginoon ay gagawa ng bahay para sa iyo. Kung matapos na ang iyong pagsisilbi at makapahinga at matutulog na kasama ang iyong mga magulang, gagawin ko ang iyong anak na lalaki ng hari pagkatapos mo. Siya ay gagawa ng bahay para sa king pangalan at itayo ko ang kanyang kaharian na walang hanggan."

Gusto ni David makatulong sa mga buhay na mga maganak ni Saul. Isa lamang ang kanyang natagpuan, ang anak ni Jonathan na si Mepeboseth, na lumpo. "Siya ay kakain sa aking lamesa gaya ng mga anak ko," Ito'y sinabi ni David. Mabait si David kay Mepeboseth sa pagkat si Jonathan na ama niya ay pinakamabuting kaibigan ni David.


Pinalagu si David ng Panginoon nang siya ay nagtiwala at sumunod sa Panginoon. Ngunit isang araw, mayroon isang kadiliman na nangyari sa buhay ni David. Pinayaon niya ang kanyang mga kawal sa digmaan, habang siya ay nanatili sa Herusalem.

Isang gabi, hindi siya makatulog. Siya ay lumakad na parang namasyal sa bubungan ng palasyo at nakatingin sa siyudad.

Natanaw ni David ang isang magandang babae na naliligo. Ang pangalan ay si Batseba. Si David ay nagkasala kay Batseba, bagama't ang kanyang asawa ay pinakamatapang na kawal sa kawalan ni Hari David. Nang hindi nagtagal sinabi ni Batseba kay David na siya ay buntis. Alam ni David na ang kaniyang kasalanan ay lumikha ng ibat ibang suliranin.

Sa halip na ipagsisi niya ito sa Diyos, sinikap niyang takipan ang kanyang kasalanan. Iyan ay hindi magtagumpay. Pinauwi niya si Uria na asawa ni Batseba, galing sa digmaan, inasahan niya na ariin ni Uria ang sanggol na nasa bahay bata ni Batseba.

Sa ganon si David ay lalong gumawa ng masamang bagay. Pinabalik niya si Uriah sa digmaan na may dalang sulat ni Hari David. Ang sulat ay nagbigay ng utos sa taga mando na ipalagay si Uria sa harap ng labanan. Siempre si Uria ay natamaan at namatay, at kinuha ni David si Batseba at naging kanyang asawa.



Pinadala ng Panginoon ang kanyang alagad, si Natan, upang ipakilala ang kasalanan ni David. Nagbigay ng kuento si Natan tungkol sa isang taong mayaman and isang taong pulobi. Ang mayaman ay may maraming tupa. Ngunit ang pulobi ay may isang maliit ng tupa, na kanyang inalagaan na parang kanyang anak na babae.

Nang dumating ang naglalakbay sa taong mayaman, hindi siya pumatay ng kanyang sariling tupa upang ihain sa maglalakbay. Sa halip, kinuha niya ang tupa ng pulobi.



Nagalit si Haring David sa taong mayaman dahil sa kanyang kadamutan. Siya'y sumigaw, "Ang taong gumawa nito ay dapat mamamatay."

“Kayo ay ang taong iyon!” Ang matapang na Natan ay nagsabi kay David. Ang ginawa ni David ay mas masama kay sa ginawa ng taong mayaman.

Pinakita ng Panginoong Diyos kung gaano kalubha at masama ang ginawa ni David. At sa huli, nagsisi si David ng kaniyang pagkakasala. Sinabi niya sa Panginoon: "Sa inyo ako nagkasala at gumawa ng kasamaang ito." At pinatawad din naman siya ng Panginoon. Ngunit ang sanggol ni Batseba ay nagkasakit, at namatay ng bagong isinilang.

Pinatawad si David ng Panginoon ng kanyang kasalanan. Noon, si Batseba ay may sanggol muli, tinatawag na Solomon, at si Solomon ay naging dilang hari kasunod ni David na kanyang ama. Ngunit si Haring David ay may maraming mga anak, ang iba ay nagbigay ng kalongkutan sa kanyang buhay.

Ang Haring si David (Pangalawang bahagi)

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

2 Samuel 1-12

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16